慈濟快報
TZU CHI EXPRESS

Buddhist Tzu Chi Foundation, Philippines
76 Cordillera cor. Agno Sts., Brgy. Doña Josefa, QC
(632) 732-0001
Tzu Chi Great Love Campus
1000 Cordillera cor. Lubiran Sts., Bacood, Sta. Mesa, Mla.
(632) 714-1188; 714-2288
Jing Si Books & Café
Soler Tower, 1342 Soler St., Sta. Cruz, Mla.
(632) 733-3296
tzuchi_phils@ph.tzuchi.org
www.tzuchi.org.ph

Edisyon 41, Oktubre 2016 Libreng Ipinamamahagi

"Kung matapat tayo sa pagkalinga sa iba, ang ating mapagmahal na puso ay ang marangal na buto na magbubunga ng labis na biyaya." -- Master Cheng Yen

Isang pagkakataong bumangon para sa mga biktima ng Bagyong Lawin

Sa panulat ni Jamaica Digo
Kuhang larawan nina Jamaica Digo at Carolina Uy

▲ Binisita ng mga Tzu Chi volunteer mula sa Maynila ang mga lugar na tinamaan ng Bagyon Lawin. Ang Barangay Balzain East sa lungsod ng Tuguegarao, Cagayan ang isa sa mga lubhang naapektuhan. Kung hindi nawalan ng bubong ay naubos ang mga bahay na nakatayo sa komunidad na ito.

Ang Barangay Balzain East sa lungsod ng Tuguegarao sa Cagayan ay animo isang "ghost town" dahil sa pagkakalbo ng mga punong dating nagbibigay ng lilim at kaaya-ayang tanawin matapos bayuhin ang lugar ng Bagyong Lawin.

Ang 28-taong gulang na si Jovelyn Valenzuela ay lumaki sa Barangay Balzain East. Bagamat madalas na bahain ang kanilang lugar, hindi pa niya naranasang mawalan ng bahay hanggang sa tumama ang Bagyong Lawin sa katimugang Cagayan noong ika-19 ng Oktubre. Sa dala nitong lakas ng hangin na 300 kilometro kada oras, naapektuhan nito ang higit 500 kabahayan at nasa 100 pa ang tuluyang nawasak.

"Para itong buhawi na sumira sa lahat ng daanan nito," kuwento ni Valenzuela. "Lumikas kami papunta sa simbahan. Mula doon nasilip namin kung paano sirain ng bagyo ang mga bahay namin. Ang mga bubong ay parang mga papel na tinatangay ng hangin."

Matapos ang bagyo, tanging ang apat na kahoy na nagsisilbing poste ng kanilang bahay ang natira sa pamilya ni Valenzuela. Isang linggo matapos ang bagyo, si Valenzuela, ang kaniyang asawa, at dalawang anak ay kabilang sa mga residenteng nagtayo ng mga pansamantalang tolda sa gitna ng kalsada.

"Hindi namin alam kung paanong magsisimula muli," sabi ni Valenzuela habang umiiyak.

Personal na nasaksihan ng mga Tzu Chi volunteer mula sa Maynila ang kalunus-lunos na kondisyon ng barangay nang nagsagawa sila ng isang sarbey sa pinaka-apektadong mga lugar noong ika-25 ng Oktubre. Ang lawak ng pinsala na iniwan ng bagyo ay kitang-kita paglapag pa lamang ng eroplano sa paliparan ng Tuguegarao.

Sa sentro ng lungsod, ang mga pribado at pampublikong mga establisyimento ay hindi pinatawad ng nagngangalit na hangin at malakas na ulan. Basag ang mga bintanang salamin habang natumba naman ang mga poste ng kuryente. Ang lungsod ng Tuguegarao ay isinailalim sa "state of calamity." Nang dumating ang mga Tzu Chi volunteer, wala pa ring kuryente at suplay ng tubig sa lugar. Ang ilang may kakayahan ay bumili ng generator habang ang karamihan ay gumamit na lamang ng gasera.

▲ Ang dating komunidad sa Barangay Balzain East ay naging ghost town matapos itong tamaan ng Bagyong Lawin.

Simula ng muling pagtatayo

Matapos masaksihan ang sitwasyon ng mga pamilya, agad na kumilos ang mga Tzu Chi volunteer. Sa kanilang pagtatanong, nalaman nilang kailangan ng bawat pamilya ng 10 pirasong yero, 2 kilong pako, at mga coco lumber upang itayong muli ang kanilang mga bahay. Dahil mataas ang presyo ng mga materyales at sa pagsasaalang-alang din sa iba pa nilang mga pangangailangan, napagdesisyunan ng Tzu Chi volunteers na bigyan ng Php10,000 at sulat mula sa tagapagtatag ng Tzu Chi na si Master Cheng Yen ang mga pamilyang lubos na naapektuhan.

(Sundan sa pahina 2)

Isang pagkakataong bumangon ...

(Mula sa pahina 1)

Sa kabuuan, 93 pamilya ang nabiyayaan ng tulong noong ika-27 ng Oktubre sa Ke Bing School sa lungsod ng Tuguegarao.

Ang residenteng si Virginia Caulian ay makapagtatayo na muli ng kanilang bahay na lubhang nawasak ng bagyo. Pansamantala ay natutulog siya, ang kaniyang asawa, at tatlong mga apo, sa pampublikong paaralan.

"Bagamat may kabuhayan kami, ang kinikita namin ay hindi sapat upang itayong muli ang aming mga bahay. Kaya naman lubos kaming nagpapasalamat na dumating ang Tzu Chi dito upang tulungan kami," sabi ni Caulian, isang labandera. "Ako ay mag-69 na taong gulang na ngunit ngayon lamang ako nakatanggap ng ganito kalaking biyaya. Napakasaya ko. Matanda na ako ngunit ngayon lamang ako naging ganito kasaya."

Ang tulong pinansiyal ay isang pagkakataon din upang masimulang muli ng mga biktima ang kanilang maliliit na kabuhayan. Karamihan sa mga residente ng barangay ay naglalako ng iba't ibang mga produkto gaya ng balut, gulay, meryenda, at iba pa.

"Nang mangyari ang bagyo, ang mga mais na nabili ko ay nabasang lahat kaya wala akong maitinda. Kung hindi dahil sa inyong tulong, hindi ako makakakapag tindang muli," sabi ni Myrna Parallag, isang popcorn vendor.

▲ Sumali ang lahat sa sign language ng kantang "Isang Pamilya.' Hindi lamang tulong pinansiyal ang hatid ng mga Tzu Chi volunteer sa mga biktima ng bagyo kundi maging pagmamahal.

Kabutihan sa pangalawang pagkakataon

Samantala, malinaw pa sa alaala ni Vicente Guitering ang unang beses na nakilala niya ang Tzu Chi. 18 taong na ang nakararaan nang libreng maoperahan ang bukol na tumubo sa kaniyang kaliwang tuhod sa tulong ng serbisyong medikal ng Tzu Chi Foundation sa lungsod.

"Hindi ko inaasahan na babalik muli ang Tzu Chi dahil sa nangyari sa amin. Ngayon naman ay malaking tulong ulit dahil walang nagbigay sa amin ng ganito kalaking tulong upang itayo ang aming nasirang mga tahanan. Nagpapasalamat ako sa kabutihan ni Master Cheng Yen," sabi ni Guitering.

Nangako siyang ang bawat sentimo ng natanggap na tulong ay gagamitin sa tama. "Ang perang ito ay mula sa maraming tao na nasa iba't ibang sitwasyon sa buhay kaya nagpapasalamat talaga kami," dagdag niya.

Ang alaala din ng unang pagdating ng Tzu Chi sa lungsod ay pumukaw sa kabutihang loob ng mga lokal na Filipino-Chinese. Sa pagkakataong ito, sumuporta sila sa adhikain ng Tzu Chi. Sa pamamagitan ng pagpapahiram ng kanilang mga sasakyan at personal na pagdala sa mga Tzu Chi volunteer sa mga pinaka-apektadong lugar, naging malaking bahagi sila ng misyong maghatid ng pag-asa sa mga biktima ng bagyong Lawin.

▲ 93 pamilyang naapektuhan ng Bagyong Lawin sa lungsod ng Tuguegarao ang nahandugan ng Php10,000 bawat isa ng Tzu Chi Foundation noong ika-27 ng Oktubre.

Dakilang pagmamahal para sa mga Maralitang Kapatid

Makikiisa sa aming pagsisikap na matulungan ang ating mga kapatid na nangangailangan sa iba't ibang panig ng bansa.

Ang iyong kabutihang-loob ay makapagbabago sa buhay ng libo-libo nating kababayan, makapagbigay ng inspirasyon sa ibang tao, at makapagpapanumbalik ng normal na pamumuhay ng mga naaapektuhang pamayanan.

• Bukas-palad naming tinatanggap ang inyong donasyon na ilalaan sa mga misyon ng samahan. Makipag-ugnayan lamang sa 732-0001 local 211 o 223 o bumisita sa aming website sa www.tzuchi.org.ph

• Maaaring ideposito ang inyong mga donasyon sa **METROBANK, Del Monte Branch.**Account Name: Tzu Chi Foundation, Philippines.Account Number: 163-3-16307190-9

Mangyaring ipadala ang inyong deposit slip at tumawag sa tanggapan ng Tzu Chi. Ang bawat donasyon ay pagkakalooban ng resibo. Fax Number: 732-0001 local 213.

Like and Subscribe

to get more updates

tzuchi.org.ph TzuChiPH TzuChiPH